



San Roque Dam: Kaunlaran Kapital ng Buhay at Karapatang Pantao?

Mga Karanasan at Aral Mula sa Pag-oorganisa at Pakikibaka laban sa San Roque Dam

**Aleli B. Bawagan
Lisa Marie J. Clemente
Ma. Corazon Jimenez-Tan**

Isang mahalagang prinsipyo sa pagpapaunlad ng pamayanan o "community development" ay ang pagtiyak na ang "kaunlaran ay mula sa tao, para sa tao". Madaling sabihin ngunit masalimuot na usapin. Ito ay dahil sa may mga pagkakataon kung saan ang mga programang kaunlaran, sa halip na makatulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan, ay nagdudulot pa ng pinsala sa buhay at kalikasan. Bakit nga ba may mga pagkakataon kung saan ang tinatawag nating "progress and modernization" ay bumabangga sa karapatan at kagalingan ng mamamayan, sumisira sa mga katutubong pamamaraan ng pamumuhay at kultura, at pumipinsala sa kalikasan?

Ito ang mga tanong na naging hamon sa mga mag-aaral at guro ng Department of Community Development na nakipamuhay at nakipag-aralan sa mga komunidad ng San Nicolas at San Manuel, Pangasinan, na siyang lokasyon ng San Roque Multi-Purpose Dam.

Ang San Roque Dam, Ang Dambuhalang Dam

Ang San Roque Dam ay hinihirang bilang isa sa pinakamalaking dam sa buong Asya at pang ika-labing dalawa sa buong mundo. Matatagpuan sa paanan ng rehiyon ng Cordillera, bayan ng Itogon, Benguet, at sa Hilagang Luzon partikular sa baybayin ng Ilog Agno sa San Nicolas at San Manuel, Pangasinan, ang San Roque Multi-Purpose Dam Project (SRMDP) ay may



200 metro taas na dam at may haba na 1.13 kilometro, habang ang erya na paglalagakan ng tubig ay may sukat na 12.8 kilometro kwadrado. Ang proyekto ay may lawak na 4,958.50 ektaryang sumasakop sa mga lupaing pangresidensyal at pangsakahan.

Sinasabing nakapaglilikha ang dam ng 345 MW ng kuryente kada buwan na kinakailangan diumano para bigyang enerhiya ang buong rehiyon. Bukod dito, makakapagdulot din daw ito ng maayos na irigasyon, makakapagpigil ng pagbaha sa mababang bayan ng Pangasinan at Tarlac, magkakapagbigay ng aqueduct system na maglilinis sa mga latak at dumi na pumapasok sa ilog Agno at makakapagtayo ng watershed area. Nagsimula ng operasyon ang dam noong taong 2004.

Ang San Roque Dam ang pangatlong dam na itinayo sa buong Ilog Agno. Naunang naitayo ang Ambuclao Dam noong 1956 malapit sa bayan ng Bokod, Benguet, at ang Binga Dam noong 1960 sa Tinongdan, Itogon. Tumigil ang operasyon ng Ambuclao Dam noong taong 1999 dahil sa matinding sedimentasyon, samantalang sa kasalukuyan isang parte na lamang ng Binga Dam ang gumagana dahil sa bumibigat at kumakapal na siltasyon.

Noon pa sana naitayo ang pangatlong dam sa Tabu at Dalupirip, Itogon, Benguet ngunit kinansela ito ni dating Pangulong Marcos dahil sa malakas na pagtutol ng mga tribong Ibaloy. Subalit noong 1993, sa ilalim ng pamahalaang Ramos, binuhay ang pagtatayo ng San Roque Multi Purpose Dam Project. Sa harap ng malakas na daluyong ng protesta mula sa mga apektadong mamamayan, nag-umpisa ang konstruksiyon ng dam noong 1998, ang huling taon ng panunungkulan ng Presidente Ramos.

Ang San Roque Dam at Ang Philippine Energy Development Program

Mahalaga ang enerhiya para sa industriyalisasyon at pagpapaunlad ng anumang bansa. At isang dahilan kung bakit nananatiling atrasado ang Pilipinas at walang humpay ang ng krisis sa ekonomiya ay dahil sa patuloy itong umaasa sa pang-angkat ng enerhiya. Mahigit 50% ng ating enerhiya ay mula sa inaangkat na langis at uling. Bagamat mayaman ang bansa sa likas yaman na maaring pagkunan ng enerhiya tulad ng langis, "geothermal energy", "natural gas" at "hydro resource", ang mga local na rekursong ito ay di napapaunlad o namamaksimisa dahil sa kakulangan ng kapital at angkop na teknolohiya.



Ang patuloy na pagkakaroon ng "energy crisis" na muling tumingkad noong maagang bahagi ng 1990s ang dahilan sa muling pagbukas ng San Roque Multipurpose Dam (o SRD) project na sinimulan ni Presidente Ferdinand Marcos noong 1970s. Ang SRD ay tinaguriang "flagship project" ni President Fidel V. Ramos sa kanyang Medium Term Philippine Development Plan, at pinagpatuloy din sa ilalim ng administrasyong Estrada. (Cordillera People's Alliance, 2001; pp. 29-30)

Naging isa sa mga susing proyekto din ng Philippine Energy Plan (PEP) 2000-2009 ang SRD. Sa pamamagitan ng PEP, inaasahang pauunlarin ang lokal na mga rekurso at kapasidad para tugunan ang pangangailangan ng bansa para sa enerhiya. Dahil sa sinasabi ng pamahalaan na kulang ito sa pondo, pangunahing inaasahang magpaunlad sa mga "local energy resources" ng bansa ang pribadong sector, lalo na ang mga malalaking dahuhang korporasyon. Sa madaling salita, ang PEP ay nasa balangkas pa rin ng "globalisasyon" kung saan ang "energy sector" ay isasalilalim sa "liberalized and private-sector led structure". (CPA, 2001, pp.8-10)

Ang SRD project ay isang halimbawa ng "Build-Operate-Transfer (BOT) scheme" na isinasagawa ng pamahalaan para hikayatin ang pamumuhunan ng mga malalaking pribadong kompanya sa mga "infrastructure projects" sa ating bansa. Sa kaso ng SRD project, ang BOT contract ay sa pagitan ng National Power Corporation at ng San Roque Power Corp. (SRPC) na pag-aari ng Sithe Energies, isang Amerikanong kompanya at ng Marubeni at Kansai Electric, mga kompanyang Hapon. Sa iskemang ito, sasaguting ng SRPC ang bahagi ng gastos sa konstruksyon ng malaking dam. At bilang kapalit, ang SRPC ang aani ng malaking kita na magmumula sa pagbebenta ng enerhiya na idudulot ng dam sa loob ng 25 taon, bago nito tuluyang ipasa sa ating gobyerno ang pamamahala sa dam.

Ang Buhay sa Palibot ng Ilog Agno: Noon at Ngayon

Noong una, animo'y balon ng likas yaman ang Ilog Agno para sa mga magsasaka ng San Nicolas, San Manuel at iba pang bayang malapit sa ilog. Malaking tulong ito sa mga magsasaka na hirap makaahon sa buhay dahil sa karaniwang mga suliraning hinaharap ng uring magsasaka - mataas na upa sa lupa, mataas na presyo ng mga gamit sa produksyon,



sobrang interes ng mga usurero, at mababang presyo ng palay. May mga panahon na P12-15/kilo ang kalakarang presyo ng palay pero nababarat sila ng P7/kilo dahil hiwa-hiwalay nilang binebenta ang kanilang produkto.

Ang pag-sasayo o gold panning sa ilog Agno ay naging isang alternatibong hanapbuhay ng mga magsasaka at mangingisda. Kahit mapanganib ito, ang pagsasayo ang pinagkakakitaan ng maraming magsasaka, lalo't bagsak ang presyo ng kanilang palay dahil sa pambabarat ng mga negosyante at kartel ng bigas. Sa isang karaniwang araw, kumikita ang mga magsasayo ng Php 250.00 sa bawat isang gramong ginto. Sa panahong katatapos lang ng pagbaha, ang isang magsasayo ay nakakakuha ng 3 - 10 gramo ng ginto.

Ang ilog Agno ay pinagkukuhanan rin ng mga isda, talaba, hipon, kuhol at talangka. Ang ilog din ang nagsisilbing bukal na pinagmumulan ng komunal na irigasyon o patubig para sa mga sakahan ng mga magsasaka.

Subalit mula ng sinimulan ang pagtatayo ng dam noong 1998, tinatayang 259,000 na pamilya ang apektado ng proyekto sa mga nabanggit na bayan kasama na ang Itogon, Benguet. Ano, para sa mga mamamayan ng San Nicolas at San Manuel, ang dinulot ng dam?

*** Pisikal na dislokasyon**

Ang mga mamamayan ng Brgy. San Felipe East, at Brgy. San Felipe West sa San Nicolas, Brgy. Narra, Brgy. San Roque, at Brgy. San Vicente sa San Manuel ay napaalis dahil sa direktang pagkakasaklaw sa mga loteng kinatitirikan ng kanilang kabahayan. Ang mga lupaing ito ay ginawang quarry para sa mga materyales na gagamitin sa konstruksiyon ng dam. Ang buong Sitio Bolangit, na nagsilbing "reservoir", ay inilubog na ng inipong tubig.

Ipinangako ng San Roque Dam Project Commission (SRPC) na ang lahat ng mga nawalan ng tirahan dahil sa dam ay ire-relocate sa mga resettlement sites. Nagpatayo nga ng mga resettlement housing sa mga barangay ng Lagpan, Bobon at Camangaan, San Manuel para sa mga magsasaka napaalis sa kanilang lupa at tirahan. Subalit ayon sa Fact Finding Mission na isinagawa ng mga NGOs sa mga komunidad na apektado ng SRD, naging napakatagal at komplikado ng prosesong pinagdaanan ng mga mamamayan bago nila makuha ang mga kompensasyong pinangako ng SRPC. Marami ang hindi nakakuha ng



halagang pinangako ng SRPC, at marami pa rin, magpahanggang sa kasalukuyan, ang hindi pa lubos na nababayaran para sa nawalang bahay at lupang sinasaka dahil sa SRD.

May ilang pamilya ang nailikas narin sa resettlement area. May mga bahay na silang natitirhan pero malayo ito sa bukid at kanilang hanapbuhay, malayo sa mga paaralan, at kulang ang mga batayang serbisyo at pasilidad.

*** Pagkawasak ng kabuhayan**

Lahat ng pinagkakakitaan ng mga mamamayan ay naapektuhan mula nang itayo ang dam. Ekta-ektaryang lupang sakahan ang hinukay nang lampas sampung metro ang lalim dahil sa mga quarrying na ginawa para sa pagtatayo ng dam. Ang ibang sakahan ay natambakan ng mga bato at buhanging galing sa hinuhukay na mga lugar lalo na kapag bumabagyo at bumabaha. Nasira ang sistema ng irigasyon ng ilang mga kalapit na mga tanggag dahil sa pagbaba ng tubig sa mga nahukay na lugar.

Noong taong 2000, pinagbawal ang pangingsda at pagsasayo sa ilog Agno dahil sa ito ay diumano pag-aari na ng SRPC. Binakuran ang ilog at nilagyan ng warning sign.

Sinakop din ng lugar na ginawang reservoir ang mga bundok na bahagi ng San Nicolas at San Manuel kaya nagtuloy-tuloy ang pagkakalbo nito. Ang mga hayop na ligaw ay mailap na rin sa ngayon dahil sa pagkasira ng kanilang tahanan.

*** Pagkasira ng Kalikasan at Ambang Kalamidad**

Matindi rin ang epekto sa kalikasan ng pagtibag ng kabundukan at pag "quarry" para itayo ang dam. Ang pag-"quarry" sa mga lupang sakahan ay hindi sumusunod sa wastong rekisito ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na nagsasabing limang (5) metro lang ang taas ng lupang huhukayin. Ayon na rin sa mga pananaliksik, 10 - 15 metrong taas ang hinuhukay ng SRPC. Sa mga kabundukang nakapaligid sa dam, nagsagawa naman ng open pit mining para sa gagawing reservoir.

Dahil sa pagkalbo ng kabundukan, patuloy na pag-"quarry" sa lugar, at pagkontrol sa normal na agos ng Ilog Agno, nakakaranas ang mga mamamayan ng matinding pagbaha.



Liban pa rito, ang mismong pinagtayuan ng dam ay napapaligiran ng 3 fault-line, ang Digdig, San Manuel at San Jose, kaya hindi malayong mangyari na bumigay ang 12.8 kilometrong kwadrado na pinaglilagakan ng tubig. Ayon sa mga siyentista't eksperto, maaring ilubog ng ganoong kadamang tubig ang buong Pangasinan at bahain pati ang ilang bahagi ng Tarlac. Bukod pa dito, sub-standard ang ginamit na mga materyales sa pagtatayo ng mega dam dahil sa nangyayaring korupsiyon sa loob ng SRPC. (CPA, 2001)

Ang pagkawala ng mga puno at pagkasira ng kabundukan ay nagdulot din ng paglala ng siltasyon ng Ilog Agno at ng mga malalaking "tributaries" nito na daluyan ng tubig. Tinatayang 296 million cubic meter ng siltasyon ang maiipon sa loob ng 50 taon na hindi kayang lutasin ng watershed management.

Batay rin sa mga isinagawang siyentipikong pag-aaral, ang mega-dam gaya ng San Roque ay magdudulot ng ibayong pagkawala ng balanse ng ecosystem. Ang paglubog ng mga bahagi ng kabundukan ay makakasira sa flora at fauna sa lugar.

*** Nabawasang akses sa tubig/kontaminasyon ng tubig**

Dulot ng malaliman at malawakang paghuhukay, ang mga posong pinagkukuhanan ng tubig inumin at panglaba ay natuyo na rin. Mismong sa resettlement sites ay nagkakaproblema sa tubig.

*** Matinding polusyon**

Malaki ang pangangailangan ng dam para sa mga bato kung kaya malawak na lugar ang kinakwari. Kinakailangan din na ang operasyon ng 'crusher' ay tuloy-tuloy. Nagdudulot ito ng matinding ingay at makapal na alikabok sa mga komunidad malapit sa crusher. Ang kalusugan, lalo ng mga bata, ay apektado.

*** Iba pang mga problema**

Simula nang pinatayo ang dam at pagkakaroon ng opisina ng SRPC sa San Nicolas, napansin ang pagdami ng mga "night club" at "beerhouse" sa paligid ng SRPC complex. Regular na parokyano ng mga "beerhouse" at "karaoke bars" na ito ang mga empleyado at manggagawa sa SRD at SRPC. Kapansin-pansin ang na nagiging gawi ng mga empleyado at manggagawa ang paglustay ng sweldo sa gabi-gabing pag-inom at pag-"table" ng mga babae. Kasama sa paglaganap ng mga "beerhouse" na ito ang paglaganap ng prostitusyon, pati na ng "child prostitution".



Ang Suporta at Pakikiisa ng mga mga Mag-aaral at Guro sa Sama-samang Pagkilos ng mga Mamamayan ng San Nicolas at San Manuel

"Hangga't mayrong nakakaranas ng pang-aapi at pagsamantala, lagi't lagi ring magkakaroon ng pag-aalsa."
(Mula sa isang Lider magsasaka mula San Nicolas)

Umalingawngaw sa buong bansa ang mga usapin sa San Roque dam, gayundin ang naging maigting na pagkilos ng mga magsasaka at katutubong komunidad na nasalanta nito. Kung kayat, nang lumapit ang Alyansa ng Magbubukid ng Pilipinas sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Komunidad ng UP Diliman para tumulong sa pag-oorganisa ng mga magsasaka sa palibot ng Ilog Agno, hindi nagdalawang isip ang Departamento na tumugon.

Bilang bahagi ng 'Field Instruction Program' ng Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (CSWCD), nagpadala ng grupo ng mag-aaral at isang guro sa San Nicolas at San Manuel na naging katuwang ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), partikular ang kanilang kasapi na Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL) sa pag-sasaayos ng kampanya ng mga magsasaka laban sa dam at pagbubuo ng mga samahan ng mga magsasaka na mangunguna sa mga pagkilos kaugnay dito. Sa loob ng tatlong taon na may mga mag-aaral sa Pangasinan, ito ang kanilang naging pangunahing gawain:

*** Mabilisan at "Pawalis" Na Pag-oorganisa**

Dumating ang grupo ng mag-aaral at guro ng UP sa Pangasinan sa gitna na ng sunod-sunod na sama-samang pagkilos ng mga magsasaka. Ang nakitang kagyat na gawain ng mga organisador ng AMGL at ng mga mag-aaral ng UP ay ang mas mahigpit at malalim na pagbubuklod ng magsasaka para masustina at mapalawak ang saklaw ng kanilang laban.

Mabilis na nagsagawa ng sistematikong pananaliksik at dokumentasyon tungkol sa proyekto ng San Roque Dam, pagpapaliwanag sa mga komunidad at malawakang propaganda, at pagpapaunlad ng mga lider magsasaka. Mula dito ay kaagad naitayo ang Tignay dagiti Mannalon a Mangwayawaya iti Agno (TIMMAWA). Ang TIMMAWA ay kinapapalooban ng mga magsasaka at sumusuportang organisasyon,



asosasyon, institusyon, o mga indibidwal na nakikipagkaisa para proteksyunan ang Agno, para labanan ang patuloy na konstruksiyon ng San Roque Dam, at ipagpatuloy ang pakikibaka laban sa lahat ng mga dam na nakakapinsala sa buhay, kabuhayan at kapaligiran. Pormal na binuo at pinakilala ang TIMMAWA sa publiko noong Marso 13, 2001.

Kasunod sa pagtatayo ng alyansa ay ang pagtatayo at pagpapatatag ng mga lokal na organisasyon sa iba't ibang barangay at sitio ng San Manuel at San Nicolas na siyang mangunguna sa pagmululat at pag-oorganisa sa antas barangay at sitio. Sa San Manuel nakapagtayo ng pitong organisasyon: Timpuyog iti Baro Waya-waya ti Mannalon (TBWAMA); Anak Bayan Cavite Chapter; AnakBayan- San Roque Chapter; Asosasyon dagiti Mannalon ti An-Anonas (AMA); Organisasyon dagiti Mannalon ti Bato (OMB); Organisasayon ti Tattao ti San Vicente ESTE (OTSVE). Nakapagbuo rin ng alyansa sa tatlong nabanggit na mga Organisasyon - ang ti Tattao ti San Vicente (OTSV). Sa San Nicolas naman, ang mga asosasyong "tanggap" ng bawat barangay na pinag-isa ng San Nicolas Farmers' Federation, ay pumaloob rin sa alyansa ng TIMMAWA dahil na rin sa masigasig na mga kampanyang pang edukasyon ng mga estudyante-organisador.

"Sweeping Organizing" o pangmabilisang pag-oorganisa ang naging pangunahing estratehiya sa pag-oorganisa para kagyat na maitayo at lumawak ang TIMMAWA bilang alyansa. Sa pag-oorganisa, binigyan din ng diin ang pagmululat at pagpapakilos ng mga kababaihan. Kung kayat mapupuna na mga kababaihan ang siyang nakararami sa alyansa ng TIMAWWA. May nahalal ding council member na babae sa TIMMAWA.

*** Konsolidasyon sa Pamamagitan ng Tuloy-tuloy na Pagpapataas ng Kamulatan at Pagpapaunlad ng Kasanayan**

Sa gitna ng maigting na laban at sunod-sunod na sama-samang pagkilos, tiniyak ng mga organisador, sa tulong ng mga mag-aaral, ang pagbibigay ng pag-aaral tungkol sa San Roque Dam at sa kalagayan ng mga magbubukid. Nagsagawa sila ng mga pulong masa na nagiging diskusyong pang-maliitan na grupo para mamulat ang mga magsasaka. Ipinaliwanag din ng mga estudyante-organisador sa mga magsasaka ang nalalaman nila tungkol sa isyu at ang negatibong epekto ng dam. Sa pamamagitan nito, higit na nauunawaan ng mga mamamayan ang mga pangyayari sa kanilang kapaligiran.



Bahagi rin ng pagmumulat ay ang pag-uugnay ng isyu ng dam sa iba pang isyung kinakaharap ng mga magsasaka at ang kampanya para sa tunay na repormang agraryo. Kung kayat ang gawaing pagmumulat at propaganda ay ipinakete para mula sa isyu ng dam ay iniugnay agad sa iba pang isyu ng sektor, isyung pangkaunlaran ng probinsya at pambansa. Halimbawa nito ay ang pagpapaliwanag ng kampanya para sa makatarungang presyo ng palay at bigas. At mula nga sa mga talakayang ito, nagkaroon din ng resolusyon ang magkakaratig sitio ng San Nicolas na pagsama-samahin nila ang aning palay upang ibenta ng maramihan. Sa paraang ganito, mas malaki ang kapangyarihan ng mga magsasaka na igiit ang relatibong mataas na presyo ng produkto.

Liban sa talakayan at diskusyon tungkol sa sektoral at pambansang mga isyu, ilang pagsasanay rin ang nailunsad sa erya. Nakatulong sa pagtukoy ng mga potensyal na lider ang inilunsad ng mga estudyanteng organisador na Pagsasanay sa Pamumuno. Nasundan ito ng Speakership Training para sa mga lider ng TIMMAWA at iba pang mga potensyal na lider-magsasaka. Nagkaroon din ng pagsasanay sa para-legal.

Bukod sa mga pormal na pagsasanay, nakatulong din sa pagpapataas ng kasanayan at kaalaman ang aktwal na paglahok ng mga lider sa iba't ibang porma ng mga kampanya, pakikihalubilo sa ibang mga organisasyon sa Benguet at ibang lider-magbubukid ng KMP tulad ng pagdalo ng mga kahahalal pa lang na mga lider ng alyansang TIMMAWA sa National Workshop on Dams na ginanap sa Baguio noong Abril 2001.

*** Pagpapatatag at Pagpapalawak ng Organisasyon**

Habang kinokonsolida ang mga lokal na grupong naitayo na sa San Nicolas at San Manuel, sinikap na simulan na rin ang gawaing pag-organisa sa mga ibang bayan na naapektuhan o maaring maapektuhan ng dam. Isa na rito ang bayan ng Bayambang kung saan matatagpuan ang Mangabul Lake na gagawing catch basin ng SRD sa panahon ng tag-ulan. Kapag ito ay naipatupad, ito ay magdudulot ng matinding pagbaha sa komunidad ng Bayambang.

*** Pakikipag-alyansa at Pagbubuo ng mga Grupong Suporta**

Malaki ang isyung kinakaharap ng mga mamamayan sa Pangasinan laban sa San Roque Dam. Kung kaya't kinakailangan din ang pagpapalawak ng mga grupong suporta sa kanila. Pangunahin dito



ang pakipag-ugnayan ng mga taga -Pangasinan sa pamamagitan ng alyansa TIMMAWA sa mga taga-Itogon, Benguet. Ang mga grupong ito ay ang Cordillera People's Alliance kasama ang Itogon Inter-Barangay Association (IIBA), Shalupirip Shantahanay Indigenous People's Movement, Tontongan Ti Umili (TTU), at Movement Against Dams and all Mega Dams (MARSDAM).

Kasama din sa malawak na network na ito ang mga relihiyosong samahan na pumaloob sa TIMMAWA. Ang mga ito ay ang: Iglesia Filipina Independiente (IFI), Promotion of Church People's Response - Pangasinan (PCPR), Roman Catholic Church (RCC), Society of Divine Word (SVD), United Church of Christ in the Philippines (UCCP), United Methodist Church (UMC), Diocese of Urdaneta Social Action Center (SAC), at Center for Justice, Peace and the Integrity of Creation (JPIC). Ang malakas na suporta ng mga samahang pangrelihiyon ay isa sa mga naging pundasyon ng pagtatayo ng alyansang TIMMAWA. Batay sa karanasan, ang pakikibahagi ng mga taong simbahan sa mga pagkilos ay nagbibigay ng konsolasyon sa mga tao at kaseguraduhan na magiging maayos ang pagkilos.

Nakakuha rin ng suporta ang alyansang TIMMAWA maging sa internasyunal na antas. Nakatulong ito nang malaki sa pagpapalaganap ng impormasyon sa kalagayan ng mga magsasaka. Nakuha ng alyansa ang suporta ng mga internasyunal na organisasyong pangkalikasan tulad ng Friends of the Earth.

*** Mga Kilos Protesta at Sama-samang Pagkilos**

Maraming iba't ibang porma ng kilos protesta at sama-samang pagkilos ang nailunsad ng TIMMAWA sa panahon na ito. At katulong ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng mga konsepto, pangangalap ng mga rekurso at pinansya at pag-iikot sa iba't ibang bayan para tumulong sa mobilisasyon. Ilan sa mga pagkilos na ito ay:

- > Petisyon para sa "financial compensation" para sa mga indibidwal at pamilyang na- perwisyo ng dam;
- > Mga pagkilos laban sa San Roque Dam sa Dagupan sa okasyon ng International Day against Dams;
- > Piket-dayalog kaugnay sa irigasyon at pagsasayo sa pagitan ng magsasayo at SRPC; sa pagitan ng magsasaka at SRPC; at sa pagitan ng mamamayan at mayor;



- > Piket-dayalog sa National Irrigation Administration tungkol sa problema sa irigasyon at pagbaha; kay Senador John Osmena kasama ang mga apektadong komunidad;
- > Kilos-protesta sa embahada ng bansang Hapon at Mendiola nang dumating ang Prime Minister ng bansang Hapon para ipaabot ang pagtutol sa proyektong SRD.

Naging bahagi rin ng paglunsad ng mga kilos protesta ay ang gawaing propaganda sa pamamagitan ng mga pag-iikot ng mga lider sa iba't ibang himpilan ng radyo, pagsusulat at pamimigay ng mga pahayag, at paglulunsad ng mga talakayan na nagbubunyag ng mga isyung dinudulot ng San Roque Dam at iba pang problema ng mga magsasaka.

Sa ikalawang taon ng alyansa, masiglang lumalahok na rin sila sa mag pagkilos kaugnay sa mga isyu ng mga magsasaka at mga pamprobinsya at pambansang isyu tulad ng paggiit ng makatarungang presyo ng palay at bigas, kilos protesta laban sa Balikatan, at pagkilos kaugnay sa State of the National Address (SONA) sa Batasang Pambansa.

Ilang Mga Hinarap na Suliranin at Hamon sa Pag-oorganisa

*** Pagpapahigpit sa Pagkakaisa sa Pagsusuri at Pagdadala sa mga Isyu ng SRD**

Sa unang pagtatantya pa lang ng TIMMAWA noong 2001, higit 259,000 pamilya ang mawawalan ng sasakahing lupa, di na makapagsasayyo, mawawalan ng tirahan at maaapektuhan ng pagbaha, kawalan ng tubig at iba pang problema sanhi ng SRMDP. At sa buong panahon na itinatayo ang dam, tunay na nadama ng mga magsasaka, magsasayo at iba pang mamamayan ng San Nicoloas at San Manuel, at ng Itogon, Benguet ang masamang epekto ng SRMDP sa kanilang buhay, kabuhayan at sa kalikasan.

Sa kabila ng malinaw na disbentahe at masamang epekto ng proyekto sa mga mamamayan, hindi naging madali para sa mga lider at organisador ng TIMMAWA na pagkaisahain ang mga mamamayan sa usapin ng pagdadala at pangangampanya ng mga isyung dinulot ng SRD. Ang iba't ibang usapin at suliraning idinulot ng SRD ay kinailangang pag-ugnayin at ipakete sa isang komprehensibong kampanya. Naging



hamon din sa kanila ang pagtataas ng antas ng kanilang pakikibaka sa pamamagitan ng pag-uugnay ng "anti-SRD campaign" sa mga estratehikong pakikibaka ng magsasaka para sa lupa.

Natural lang para sa isang bagong organisasyon ang tendensiya na manaig sa nakakaraming kasapi ang layuning matamo ang mga kagyat na kahilingang pang-ekonomiya (immediate economic demands). Litaw ang ganitong tendensiya sa mga lokal na pulong, asembleya at sama-samang pagkilos. Sa mga pagkakataong ito, malinaw na mas interesado ang mga myembro ng TIMMAWA na pagplanuhan ang mga stratehiya para makukuha ng pampinansyang kompensasyon para sa mga magsasakang nawalan ng lupaing sakahan, sa mga di na makapagsayyo, sa mga residenteng apektado ng polusyon dulot ng alikabok at ingay ng "quarrying operations", para sa rehabilitasyon ng mga irigasyon at sakahang nasalanta ng quarry, at kabuhayan para sa mga nilikas na sa mga resettlement sites. Bagamat kinikilala ng marami na ang wastong posisyon sa isyu ay ang manawagan ng paghinto sa konstruksyon ng dam, karamihan ng mga lumalahok sa pagkilos sa harap ng SRPC at ng NPC ay naroroon pangunahin pa para sa negosasyon kaugnay sa hinihiling na pampinansyang kompensasyon.

Naniniwala ang mga lider at organisador ng TIMMAWA na ang mga ganitong kahilingan ay lehitimo at kagyat na dapat pagtuunan. Gayunpaman, pinanindigan din nila na mahalagang mailinaw sa mga nakikibaka laban sa SRD na di dapat magpatali sa makitid na usaping pang-ekonomyang kompensasyon. Ang mas stratehikong panawagan ay ang paglantad at pagpapahinto ng SRD at lahat ng mga 'programang pangkaunlaran' na nagdudulot ng kawalan ng lupa at kabuhayan ng mga magsasaka. Kasama na dito ang mga proyekto tulad ng pagtatayo ng mga malakihang dam, minahan, kumbersyon ng mga lupang agrikultural na laganap na ipinapatupad sa Gitna at Hilagang Luzon. Gayundin, mahalagang maipamulat sa mga magsasaka na ang pakikibaka laban sa SRD ay pakikibaka laban sa pagkontrol ng mga dayuhan, tulad ng Marubeni at Kansai Electric ng Japan sa mga programang pangkaunlaran ng ating bayan. Na ang pakikibakang anti-SRD ay dapat tumungo sa pakikibaka para sa tunay na repormang agraryo na siyang tanging lulutas sa kawalan ng lupa at matinding kahirapan ng mga magsasaka.

May pagsusumikap ang mga lider at organisador ng TIMMAWA, kasama ng mga estudyante ng kolehiyo, na mapalalim ang



kamulatan at motibo ng pakikibaka ng mga magsasaka ng San Nicolas at San Manuel, bagamat ito ay dumadaan sa isang mahaba at masalimuot na proseso. Sa isang banda, naitayo na ang mga masang organisasyon na itinatayo na din ang dam. Kung kaya't hirap din ang mga organisador na kumbinsihin ang mga mamamayan na may magagawa pa sila kaugnay sa mga isyung dulot ng dam.

Naging hamon din sa kanila ang laganap at malalim na pagtimo ng pyudal na kaisipan na walang magagawa ang mamamayan para makialam, punahin o pigilan ang mga proyekto ng pamahalaan at ng malalaking negosyante tulad ng Marubeni at Kansai Electric. Marami rin sa mga residente ng dalawang bayan ang may mga asawa o anak na nakakuha ng trabaho o pinangakuan ng trabaho bilang kontraktwal na manggagawa sa SRD kung kaya't di sila makalantad na laban sa proyektong ito.

Kumpara sa mga magsasaka at katutubo sa Benguet at buong Cordillera na may mahabang pakikibaka laban sa konstruksyon ng malalaking dam - tulad ng pakikibaka laban sa Chico River Dam (1970's), Ambuklao Dam (1956) at Binga Dam (1960) - ang larangang ito ng pakikibaka ay relatibong bago para sa mga taga-Pangasinan. At dahil dito, naging hamon sa mga organisador at mag-aaral ang pagtuklas ng iba't ibang mapanlikhang pamamaraan para mapukaw, maorganisa at kumilos ang mga magsasaka kaugnay sa kagyat na isyu (SRD), habang iniuugnay din ito sa pakikibaka para sa stratehikong interes ng kanilang uri.

*** Pagsustina at Pagkonsolida sa TIMMAWA**

Iba-iba ang mga suliraning dinulot ng SRD at ang epekto nito sa mga magsasaka ng San Nicolas at San Manuel. At nakita ng TIMMAWA na ang mas epektibong taktika sa pag-oorganisa ay ang "issue-based solid organizing". Alinsunod nito, ang TIMMAWA, kasama ng mga aktibong mga magsasaka sa bawat barangay ay nagbuo ng iba't ibang mga lokal na organisasyon ayon sa pangunahing isyu at kahilingan ng mga lokal na mamamayan. Pinatatag at dinereksyunan din ang mga lokal at tradisyunal na samahan ng mga magsasaka alinsunod sa mga prinsipyo at mithiin ng TIMMAWA.

Ang pagbubuo ng mga organisasyong ito ay naging mabilis dahil nga sa maigting na isyu at pangangailangang may kagyat na aksyon sa harap ng mga isyung dulot ng SRD sa mga magsasaka, magsasayo,

at mga tanggal. Ang naging hamon pa sa mga lider at organisador ng TIMMAWA ay kung paano tututukan ang patuloy na pagpapaunlad ng mga lokal na lider at pamunuan ng mga samahang ito. Bagamat may sariling dinamismo at tinututukang kagyat na usapin at isyu ang bawat samahan, kinailangang tiyakin ang mahigpit na pagtangan ng mga pamunuan at myembro ng mga ito sa prinsipyo, layunin at simulain ng TIMMAWA na siyang nagbubuklod sa iba't ibang lokal na samahan na ito.

Naging malaking hamon ang gawaing pagsustini at pagkonsolida ng mga kasaping samahan ng TIMMAWA dahil sa dami ng gawain ng pamunuan ng TIMMAWA at dahil dadalawa lamang ang gumagampan sa gawaing pag-oorganisa ng TIMMAWA. Sa aspetong ito malaki ang naitulong ng mga mag-aaral. Sila ang naglibot sa halos lahat ng mga barangay ng dalawang probinsya (higit 40 kapag pinagsama-sama ang bilang ng barangay sa 2 probinsya at sa mga "expansion areas") para maglunsad ng mga pag-aaral, talakayan, tumulong sa pagpapadaloy ng mga lokal na asembleya at paglunsad ng mga lokal, panlalawigan at pambansang pagkilos.

*** Panggigipit at "Harassment" sa TIMMAWA at mga Mag-aaral**

Dahil naging masinsin at sustenido ang pag-oorganisa at pagmomobilisa ng TIMMAWA, mabilis ito naging tanyag, di lang sa Pangasinan at Benguet, kundi sa buong bansa. Ang TIMMAWA ang kinilalang tunay na kumakatawan sa mga kahilingan at aspirasyon ng mga mamamayang apektado ng SRD. Sa maraming pagtitipon, mobilisasyon, at mga komperensyang pamprobinsya at pambansa, iniimbitahang magsalita si Apo Jose at Joanne Carling, mga pamunuan ng TIMMAWA, para magbahagi hinggil sa usapin sa SRD at ang pakikibaka ng mga taga-Pangasinan at Benguet kaugnay rito. Kahit sa ilang dayalogo at negosasyon na inilunsad sa SRPC at NPC, ang pamunuan ng TIMMAWA na ang kinikilalang lehitimong organisasyon na mangangalaga sa kapakanan at kakatawan sa interes ng mga magsasakang apektado ng SRD.

"Ang punong mabunga ay laging binabato". Sa paglawak ng saklaw at kasapian ng TIMMAWA, sa pagtindi ng init ng sunod-sunod na mga pagkilos nito, siya namang pagtindi rin ng paninira at panggigipit na naranasan ng mga lider nito.

Biglang kumalat ang balita na ang mga lider ng TIMMAWA ay may mahigpit na kaugnayan sa mga iligal o "underground movement". Nakikita daw ang mga lider ng TIMMAWA na nakikipag-usap sa



mga armado o NPA. Kasama rin daw ang mga mag-aaral ng UP na tumutulong sa gawaing pag-oorganisa ng samahan, naglunlunsad ng mga pag-aaral at mga talakayan tungkol sa rebolusyon at nagpapalaganap ng mga iligal na dokumento sa mga barangay.

Napansin na lang ng mga lider at organisador na tila may mga sumusunod o nagmamanman na sa kanila. At minsan ay hinarap at tinanong ang isang mag-aaral kung tunay nga ba na siya ay mag-aaral ng UP at di NPA. Nagpadala pa ang lokal na tanggapan ng PNP sa kolehiyo ng liham para alamin kung mag-aaral nga ng UP ang naturang estudyante.

Dahil sa ganitong mga pangyayari, may ilang mga kasapian na natakot at ayaw nang pabalikin ang mga organisador at mag-aaral sa kanilang lugar. Karamihan ay natakot, hindi pa para sa kanilang sarili, kundi para sa seguridad ng mga mag-aaral at mga organisador na naging malapit na rin sa kanila. Lalong naging matindi ang takot ng mga residente ng may lumabas daw na ordinansa mula sa barangay na nagbabawal na sa mga mag-aaral na umikot sa mga barangay ng San Nicolas.

Upang maputol ang paglaganap ng mga maling paratang sa TIMMAWA, humiling ng dayalogo si Apo Jose sa Mayor ng San Nicolas. Ang kahilingang ito ay pinaunlakan, ngunit hindi dayalogo ang naganap, kundi isa pa ring porma ng panggigipit sa TIMMAWA. Ang naturang "dayalogo" ay dinaluhan ng Mayor, ng ex-mayor (ama ng kasalukuyang mayor at dati ring alkalde), mga hepe ng PNP sa Pangasinan, pinuno ng dalawang batalyong nakabase sa Pangasinan, lahat ng barangay kapitan at mga lokal na opisyal ng bayan ng San Nicolas. At sa pulong na ito, mariing sinabi ng ex-mayor na dapat nang tigilan ng TIMMAWA ang pagkilos laban sa SRDP dahil ang proyektong ito ay pakikinabangan at pagkakakitaan ng husto ng bayan ng San Nicolas. Ginamit din ang pulong para bigyan ang TIMMAWA ng babala na kapag pinagpatuloy ang pagkilos laban sa SRDP ay tuluyan lulusawin ang kanilang mga organisasyon.

Mula noon, naging malinaw sa mga mamamayan kung sino ang nagkalat ng mga salita laban sa TIMMAWA. Naging malinaw din ang layunin ng ganitong panggigipit at paninira na naranasan ng mga lider at organisador ng TIMMAWA - ito ang pagtatayo ng ibang samahan ng ex-mayor na siyang makikipag-usap na sa SRPC at NPC para sa mga kompensasyong matatamo ng mga nasalanta ng SRDP.



Matinding pagpapaliwanag at talakayan ang isinagawa ng TIMMAWA para patunayan na walang batayan ang mga paratang at kinakalat na mga balita, at para ilantad kung ano ang tunay na dahilan kung bakit may ikinakalat na ganoong tsismis. Naglunsad din ng pagsasanay sa paralegal ang mga mag-aaral para sandatahan ang mga magsasaka ng kaalaman hinggil sa karapatan ng bawat indibidwal na magpahayag ng kanilang opinyon, mag-organisa, kumilos at umikot ng malaya sa panggigipit, at maggiit ng solusyon para sa mga problemang dinulot ng SRDP.

Mga Maliliit na Tagumpay sa Gawaing Pag-oorganisa

Sa kabila ng mga kahirapan, suliranin at hamong hinarap, naging mabunga ang halos tatlong taong pagtutulungan ng TIMMAWA at ng mga mag-aaral at guro ng UP-DCD. Ang pagiging matatag at patuloy na pag-oorganisa, pagpapalawak at pagmomobilisa ng TIMMAWA ang siyang patunay na may inabot na tagumpay ang mga magkatuwang na magsasaka, mag-aaral at guro na bumuo ng TIMMAWA at naglantad ng mga isyung dulot ng SRD.

Sa ngayon, maliban sa San Nicolas at San Manuel, nakapagpalawak na ang TIMMAWA. Nagsisimula na ring bumuo ng mga grupong ubod (core group) sa mga bayan ng Bayambang at Alcala na parehong apektado ng tinatayong "water channel" na pagdadaluyan ng tubig galing sa dam. Patuloy na naglulunsad ng mga kampanya ang TIMMAWA, di lang kaugnay sa usapin ng mga isyung dulot ng SRDP, kundi kaugnay ng iba pang isyu ng mga magsasaka tulad ng pagpapataas ng presyo ng palay, paglantad ng mga kaso ng karahasan at paglabag sa karapatang pantao na nagaganap sa Pangasinan, at iba pa.

Maraming napaunlad na mga lider magsasaka, lider kabataan, at lider kababaihan bunga ng tuloy tuloy na pag-oorganisa at pagpapakilos kaugnay sa mga isyung dulot ng SRDP. Ang mga lokal na lider at organisador ang siyang nagpapatuloy ng pagkokonsolida ng mga lokal na samahang bumubuo ng alyansa. Gayun din, itinatayo na rin nila sa ngayon ang Gabriela-Pangasinan, ang Bayan, at Bayan Muna. Marami na ring natukoy na mga kaibigan at katuwang ng mga magsasaka sa hanay ng mga taong simbahan, mga guro at mag-aaral, at iba pang mga propesyunal na sa ngayon ay sumusuporta sa pakikibaka ng mga magsasaka sa Pangasinan.



Kilala sa loob at labas ng bansa ang pakikibaka ng TIMMAWA kaugnay sa SRDP na nalantad na bilang isang porma ng "development aggression". Sa katatapos na pandaigdigang komperensya at kilos protesta laban sa konstruksyon ng malalaking dam, isa sa mga ibinahagi ng AMGL- KMP ang kasalukuyang pakikibaka ng TIMMAWA.

Sa patuloy na pakikipagnegosasyon sa SRPC at NPC para sa mga pampinansyal na kompensasyon at iba pang karaingan ng mga taga-San Nicolaş at San Manuel, kinikilala na rin ang TIMAWWA bilang kinatawan ng mga magsasaka.

Patuloy ang pakikibaka at kampanya ng TIMMAWA laban sa SRDP, kahit nagsimula na ang operasyon ng dam. Tuloy-tuloy ang pagsagawa nito ng mga piket protesta at mobilisasyon sa SRPC at NPC. Patuloy silang umiikot at nagtatalakay ng kanilang isyu sa radyo, at sa mga kumperensiya na kasama ang media. Dalawa na ang ginawang dokumentaryo ng nagtatalakay sa isyu ng SRD. Ang isa ay ginawa ng GMA 7 at pinalabas sa "The Probe Team", at ang isa naman ay ginawa ng Cordillera People's Alliance.

Ilang Matitingkad na Aral

Kahit sa harap ng panggugulo at pananakot, ipagpatuloy ang gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos!

Ang San Roque Multi-purpose Dam Project ay dineklarang isang 'flagship project' ni dating Pangulong Ramos. Malaking halaga ang ginugol dito ng bansang Pilipinas at Japan na siyang nagbigay ng pautang sa mga korporasyong nagpapakatako ng proyekto. Kahit pa ilang pag-aaral na ang lumabas na labis na ang kuryenteng inilalabas ng mga IPPs (independent power producers) at hindi na kailangan ang 345MW ng kuryente sa Luzon, hindi pa rin mapigilan ang konstruksyon ng dam.

Kung kaya't matindi rin ang naging proteksyon na binigay sa pagtatayo nito mula sa mga lokal na pamahalaan, ng pambansang pamunuan at ng militar. Naging tahimik ang pagsisimula nito noong taong 1998. Madaling napaalis ang mga tao sa kani-kanilang mga tahanan at pamayanan para bigyang daan ang pagtayo ng dam. Madali silang naakit sa mga pangakong binitawan sa kanila - na sila'y kukunin bilang trabahador sa dam, na sila'y mababayaran ng sapat para sa mga



masisirang bahay at mga pananim, na sila'y dadalhin sa isang maayos na 'relocation area'. At para sa lokal na pamahalaan, ang pangako ng mataas na buwis at industriyal na pag-unlad ng kanilang bayan ang kanilang pinanghawakan.

Subalit sa pagpasok ng mga estudyante/organisador sa lugar, nasimulan ang malalimang pag-aaral at pagsisiyasat tungkol sa mga pangyayari. Nakitang di natutupad ang pangakong binitiwang, bagkus higit na pahirap ang naranasan ng mga tao simula ng maumpisahan ang konstruksyon. Sa mga tao mismo nanggaling ang patutoo, ngunit sila'y walang sapat na lakas at kakayahan upang ipaabot sa mga kinauukulan ang panlilinlang na kanilang naranasan.

Dito na nagsimula ang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng mga apektado ng dam. Mga mumunting lagaslas ng tubig. Na agad sinalubong ng pagbabanta at panananakot. Pinagbawal ang pagpupulong sa gabi. Pinagbawal ang paglalabas-labas sa gabi. May nagpapatok ng baril sa gitna ng karimlan. May nagbabala sa mga tao na huwag makipagpulong sa mga taga-UP. Tinakot ang mga mag-aaral.

Pansamantalang natigilan ang mga organisador, nagnilay. 'Handa ba akong harapin ang lahat ng mga ito?' Pansamantalang natigilan ang kolehiyo, nagnilay. 'Handa ba kaming ipagpatuloy ang gawaing ito sa harap ng banta ng panganib na pinapasok ng mga mag-aaral?'

Ngunit pansamantala lang ang pagtigil na iyon. Hindi nagpadala sa takot sa panggugulong ginagawa sa mga mag-aaral. Bagkus hinigpitan ang seguridad habang nasa erya, hinigpitan ang pakikiisa sa masa at naghanap ng mga mapanlikhang pamamaraan upang mapagpatuloy ang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga tao para sa kanilang mga lehitimong mga hinaing at pangangailangan. Halimbawa, dahil binagbabawal daw ni Kapitan ang pagdadaos ng mga pulong, isa-isang pinupuntahan ng mga organisador ang mga mamamayan sa kanilang bahay para lang maipagpatuloy ang talakayan, ang pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa inaabot na ang pakikibaka ng mga magsasaka.

Unang sigwa lamang ito. Habang patindi ang pagprotesta laban sa dam, ibang mga porma pa ng panggugulo ang nakita ng mga estudyante. Bumitaw sa pinagkaisahan ang ilang lokal na



pamahalaan na noong una ay lubos ang suporta sa mga pagkilos. Bigla silang bumaligtad at lantarang sinasabi na walang masama sa pagpatuloy ng dam. Ganoon pa man, nanatiling nanindigan ang mga tao. Di nagpagupo.

Ang kalakaran ng pananakot at pandarahas ay laging makikita sa mga lugar kung saan mahigpit ang pagkakaisa ng mga tao upang ilantad ang mga kabulukan at kabuktutang nangyayari sa kani-kanilang mga lugar at upang ipaglaban ang kanilang mga adyenda para sa tunay na pagbabago. Di dapat matigilan kundi susuungin ito ng buong tapang at may matibay na paninindigan, na kaagapay ang mga taong mulat sa kanilang pinaglalaman.

Epektibo ang kombinasyon ng 'pawalis' at 'solidong' pag-oorganisa.

Sa ikalawang semestre, nakita ng mga mag-aaral na kailangang abutin ang mas maraming tao sa mga lugar sa Pangasinan na apektado ng konstruksyon ng dam dahil napakababa ng antas ng kanilang kaalaman at pagsusuri sa pangyayari sa kanilang sariling bayan. Kahit may nakikita na silang masamang mga epekto ay wala silang pamamaraan upang ipaabot ito sa mga kinauukulan. May mga organisadong grupo na sa Itogon, Benguet na handang makiisa sa mga magsasaka ng Pangasinan.

Kung kaya't sinimulan ang 'pawalis' na pag-oorganisa upang maabot ang maraming tao sa mas maikling panahon. Natukoy ang mga baryo, sitio at mga indibidwal na pangunahing kailangang mag-organisa at mapakilos. Sa panimula ay walong samahan ang nabuo kung saan may panimulang pagkaunawa sa mga isyu kaugnay ng dam, ang mga ito ay handang ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Sapat na bilang upang sa Marso 2001 ay ilunsad ang malawakang alyansa ng TIMMAWA na binubuo ng mga organisadong mga magsasaka at suportang grupo at indibidwal na ang pangunahing batayan ng pagkakaisa ay pagbibigay proteksyon sa ilog Agno. Ang TIMMAWA ang tumayong tagapag-salita ng mga tao sa mga usapin sa dam.

Ngunit di dito nagtapos ang pagpukaw at pag-oorganisa. Nakitang mahalagang palalimin pa ang naging paninindigan ng mga tao at higit pang magpaunlad ng mga pamunuan. Dito na pumasok ang



'solidong' pag-ooragnisa kung saan muling binalikan ang mga naunang na-organisa, tinutukan pa ang kanilang mga pag-aaral, nagpaunlad pa ng kanilang mga kakayahan na magsalita sa harap ng maraming tao at sa harap ng mga dati nilang kinatatakutan na mga awtoridad. Naging mitsa rin ito upang ang ibang dating takot sa pag-oorganisa ay mabigyang - sigla upang sila rin ay magbuo ng kanilang samahan at makiisa sa pagsapi sa TIMMAWA.

Ang usapin ng pag-oorganisa at pagpapakilos ng pamayanan ay nakabatay sa antas, anyo at saklaw ng isyung kinakaharap.

Sadyang napakalaki ng isyu ng San Roque Multi-purpose Dam Project at samu't sari ang mga isyung ibinunga nito. Sa isang banda, may isang baryo na kung saan sila'y nakakaranas ng sobrang ingay at alikabok mula sa mga crusher na walang tigil ang paggiling ng bato na gagamitin sa dam. Bagamat ang isyu ay kaugnay ng dam, ang naging pagkilos para dito ay pinagpadaloy ng lokal na samahan - nagkaroon ng pulong masa, pagsusulat ng petisyon at sariling kusa na kanilang inulan ng mga bato ang crusher. Agad nagdulot ito ng positibong resulta sa mga taga-baryo. Nabigay ang kanilang hinihiling na 'disturbance fee'.

Dahil iba-iba ang mga isyu, nag-iba iba rin ang porma at stratehiya ng pagpukaw at pagpapakilos. Ngunit sa mas masaklaw na bahagi, hindi na makakasapat ang ganitong maliitang pagkilos. Ilang libong tao sa dalawang probinsiya ang tuwirang apektado, ilang libo pa ang maapektuhan sa mga di-mapigilang pagbaha kapag nag-umpisa na ang operasyon ng dam. Ilan pang negatibong epekto: pagkawala ng 'biodiversity'; pagtaas ng singil ng kuryente kapag nagsimula na ang paniningil; pag-ipon ng mga nakakalason ng mga metal at kemikal sa ipong tubig ng dam mula sa mga paligid na minahan. Ang mga ito ay kailangang tugunan ng malawakang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos di lamang ng mga barangay at probinsyang nakapalibot sa dam kundi pati ng iba pang mga sektor labas sa Pangasinan. Kung kaya't naging malawak ang mga pagkilos para sa isyu ng dam - ang mga kampanya ay umabot mula sa barangay, munisipyo, probinsiya hanggang sa antas pambansa at antas internasyunal. Masaklaw na mga organisasyon at alyansa ang kailangan para magampanan ito. Kailangan din ng mga 'solidarity groups' mula sa ibang bansa para tugunan din ang isyu tulad ng Friends of the Earth Japan. Nakiisa din ang lokal na mga alyansa sa paggunita ng 'International Day of Action Against Large Dams'.



Kagaya ng pagsasanib ng pawalis at solidong pag-oorganisa, ang antas at saklaw ng pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ay sumasaklaw at ibinabatay din sa antas ng isyung kinakaharap.

Higit sa isang "Academic Requirement" ang Karanasang Ito...

Para sa karamihan sa mga mag-aaral na natalaga sa San Roque, Pangasinan, hindi nanatiling 'academic requirement' lamang ang kanilang fieldwork. Hindi lamang sila nagpunta sa San Nicolas at San Manuel para makatapos ng kurso. Tunay silang nakiisa, nakipagkapitbisig at nakapagambag sa proseso ng pagbabago sa mga mamamayang magsasaka at iba pang sektor. Ang sinseridad na ito ay naramdaman at nakita ng mga taong kanilang nakasalamuha. Ilang pagkakataon na nga ba na pumupunta ang ibang mga estudyante sa baryo upang mapag-aralan ang kalagayan ng mga tao? Ilang beses na ba na may nangako ng tulong ngunit nalimutan na ito pagbalik sa paaralan? Para sa mga nakasalamuhang mga magsasaka ng mga mag-aaral sa San Roque, naging tunay ang pagtulong na ito, pagtulong sa proseso ng pagtuklas ng mga mamamayan ng kanilang kapasidad at kapangyarihan. Pagtulong sa proseso kung saan unti-unti nilang natutuklasan ang katotohanang sa sarili nilang mga kamay nakasalalay ang kanilang pagbabago.

Pinahalagahan ng mga mag-aaral ang mga kailangang tapusin at isumite sa kolehiyo, at pinahalagahan din nila ang patuloy na pagmumulat at pag-oorganisa sa Pangasinan kahit tapos na sila sa kanilang mga kurso. Ang iba ay tumulong sa pagbuo ang mga mag-aaral ng Task Force Anti-San Roque Dam, isang grupo na binubuo ng mga mag-aaral na nangunguna sa pagmumulat ng mga mag-aaral tungkol sa SRD at pangangalap ng iba't ibang suporta sa pakikibaka ng mga magsasaka. May ilan naman na tumulong sa paggabay sa mga susunod na grupo ng mga mag-aaral.

Sa lima na nagpatuloy sa gawaing ito, tatlo ang nasa Pangasinan, ang isa ay nasa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, at ang isa ay nasa NNARA (National Network of Agrarian Reform Advocates). Ang iba ay mga nagsisipagtapos pa pero patuloy na kumikilos bilang volunteer ng TIMMAWA at ng Task Force. Ang isang nakapagtapos na ay guro na sa isang unibersidad sa Pangasinan, at siya'y aktibo sa Bayan-Pangasinan at nagmomobilisa ng mga propesyunal na sumusuporta sa pakikibaka ng mga magsasaka laban sa SRDP.



Higit na mas maraming bayan pa ang kailangang organisahin, di lamang ang San Nicolas at San Manuel. At handang mag-ambag ang mga mag-aaral ng kanilang oras, kaalaman at kakayahan upang makiisa sa mga pinaglalaman ng mga magsasaka sa Pangasinan. Umaasa rin sila na mas maraming mag-aaral ang magkaroon ng ganitong pananaw - na higit sa gawaing pang-akademiko ang "fieldwork" sa kursong gawaing pagpapaunlad ng komunidad. Ang "fieldwork" ay daan tungo sa tunay na paglilingkod sa masa at pakikipag-kapit bisig sa kanilang pakikibaka.

Sanggunian:

Atencia, Jah; Bengco, Al Marcial; Java, Michael Paul; Sanchez, Gonzalo Jr.; Tabbada, Ateneo. Ang Kalagayan at Pakikibaka ng mga Magsasaka sa Orion, Bataan at San Nicolas, Pangasinan: Isang Pag-aaral.

Alvarez, Cedric; Bengco, Al Marcial; Java, Michael Paul; Sanchez, Gonzalo Jr.; Salvatierra, Anne Rose; Tumapang, Jojomae. Pagmumulat, Pag-oorganisa at Pagpapakilos: Proyekto para sa CD 123.

Amowas, Chrostopher; De Pano, Jean; Genito, Reinedel; De Guzman, Glicel Grace; Hilomen, Heidee; Pundol, Abigail; Salvatierra, Anne Rose. Papel Integrasyon ng Grupong KMP.

Amowas, Chrostopher; De Pano, Jean; Genito, Reinedel; De Guzman, Glicel Grace; Hilomen, Heidee; Pundol, Abigail; Salvatierra, Anne Rose. An Information and Education Campaign Project for Peasant Communities Displaced by the SRMDP Construction, a Project Proposal for CD 132.

Aquino, Jesus Francisco; Babon, Ma. Generlita; Genito, Reinedel; Hilomen, Heidee; Nagpala Felinell; Lusung, Iris Mae; Pundol, Abigail. Lupa: Integration Paper for CD 181.

Bengco, Al Marcial; Sanchez, Gonzalo Jr. An Evaluation, The San Roque Dam Project: Its Effects and Impact to the People of Benguet and Pangasinan.

Cordillera People's Alliance (CPA), Reports and Documents of the National Workshop on Dams, 2001

Cordillera People's Alliance (CPA); Itogon Inter- Barangay Alliance; Roman Catholic Church; Promotion of Church People's Response; United Church of Christ in the Philippines; United Methodist Church; Iglesia Filipina Independiente; Social Action Center; Center for Justice, Peace, and the Integrity of Creation. Damning our Future: Final Report of the

